

EPA Sewer Line Inspeksyon

Mag-uumpisa na ang pagtatrabaho ng U.S. Environmental Protection Agency para linisin at inspeksyunin ang mga sewer line sa iyong kalsada sa loob ng dalawa hanggang tatlong araw. Sa sandaling maumpisahan, makukumpleto ang trabaho sa loob ng 5 araw na takdang panahon.

Ang trabahong ito ay kinabibilangan ng paglilinis ng mga sewer line para maalis ang mga labi/humaharang dito at pag-inspeksyo sa mga linya kung may mga pinsala at iba pang mga isyu na maaaring magdulot ng mga wildfire (malawakang sunog). Ito ay isang dalawang hakbang na proseso.



Paglilinis sa Sewer Lines: Una, ang trabaho ay kinabibilangan ng isang crew na may jet/vacuum truck upang malinis ang mga sewer line. Bubuksan ng crew ang dalawang manhole sa looban ng kalsada para makapasok at matulak ang tubig sa sobrang bilis sa pagitan ng dalawang manhole upang malinis ang linya mula sa mga labi. Tapos, ang mga labi ay iva-vacuum at ilalagay sa isang saradong tangke.

Inspeksyon sa Sewer Line: Kasunod ng paglilinis sa sewer, may ikalawang crew ang nagbababa sa robotic na closed-circuit camera papasok sa manhole. Ang camera ay lumilipat mula isang manhole papunta sa iba para mainspeksyunan ang mga tubo. Tutukuyin sa inspeksyon ang mga area na dapat ikabahala, tulad ng pinsala na maaaring maging sanhi ng pagpasok ng ground water sa tubo. Gagamit ng camera footage para matasa ang tubo mula sa anumang pinsala na kinakailangang ayusin.

Kung may mapansin kang anumang mga isyu sa pagbabara ng sewage, mangyaring tumawag sa (808) 229-5184. Isang serbisyo ng paglilinis ang ipagkakaloob nang walang dagdag na gastos.



Pesta Ngayong Araw